Republic of the Philippines
Senate

OFFICE OF SENATOR LEILA M. DE LIMA

**MENSAHE SA PAGDIRIWANG NG PASKO**

Isang Maligayang Pasko at Makahulugang Bagong Taon po sa lahat!

Tuwing Kapaskuhan, ginugunita natin ang diwa't kahulugan ng pagsilang ni Hesukristo sa sabsaban. Sa kabila ng ligalig at banta, itinuturo sa atin ang pananaig ng kababaang-loob, pagbibigayan at pagmamahalan.

Hindi maiiwasan ang mga hamon sa ating buhay. Tulad na lamang ng pagkaulila sa mga mahal sa buhay dahil sa marahas at di-makatarungang polisiya. Pagdating ng pandemya. Pananalasa ng sakuna tulad ng bagyong "Odette". Pagkasira ng tirahan. Pagkawala ng kabuhayan.

Lagi't laging may agam-agam at pangamba. Pero sa pananampalataya nagbubukal ang tatag at lakas ng loob, lalo na kung may karamay at kasamang umaalalay para bumangon sa trahedya.

Ipagdasal po natin ang bawat isa, habang nagpapasalamat sa kaloob na buhay at mga biyaya ng Maykapal.

Kaisa ang maraming nangungulila, naghihirap, naisasantabi at pinabayaan, nakikiramay tayo at ipinaglalaban ang mga nararapat para sa lahat: pagkain sa bawat hapag, ayuda sa nangangailangan, paggalang sa karapatan ng lahat, pagbabalik ng hustisya, matinong pamahalaan, pambansang dangal at soberanya.

Bukod sa aking agarang paglaya at pagkakataong makapiling ang aking mga anak, apo, kapatid at inang may sakit, dalangin ko rin po ang paglaya ng bansa mula sa krisis, pagbangon mula sa mga nagdaang delubyo at pagpapanagot sa mga pinunong umabuso, nagpabaya at nagtraydor sa Pilipino.

Isang taos puso ring pasasalamat sa lahat ng mga nanguna at nagbubuhos ng oras, lakas at dedikasyon para makatulong sa kapwa. Ginagawa ninyo ang pakikiisang ito kahit kayo – tayong lahat – ay nakakaranas rin ng hirap at pagsubok sa ating sarili at pamilya.

Bitbit ang diwa ng Paskong puno ng pag-asa, mangarap tayo, kumilos at magpasya sa susunod na taon, para sa marangal na kinabukasan. Bawat pagsubok ay kaya nating lampasan, basta't tayo ay nananalig at nagkakaisa.

Isang mahigpit na yakap sa ating lahat. Laban lang!

Muli, Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon!

**LEILA M. DE LIMA**

**PNP Custodial Center, Camp Crame**
25 Disyembre 2021